**Patrick:** Kani-kanina lang. Nagtimpla lang ako nitong kape [*Itataas bahagya ang hawak na mug*.] then tumawag na ako sa 'yo. Heto na nga pala iyong tinatanong mo. Ang pangalan pala nung application ay TeamViewer. May senior moments ako kanina, 'di ko na-recall.

**Christian:** Teka, ita-type ko sa browser. Sure ka pare na maa-access ko remotely ang laptop na gamit nina misis at ng inaanak mo ha. Parang iyong computer nila eh ang computer ko mismo, as in kita ko lahat.

**Patrick:** Oo nga! Ang kulit. Parang you are using the same computer at the same time kahit magkalayo kayo.

**Christian:** Wow! High tech! [*Ipo-pronounce ang tech as tets*.] Bakit ngayon ko lang nalaman na may ganito palang application.

**Patrick:** Ang tagal na kaya, 2005 pa lumabas ang unang version n'yan. Madalas na sa business ginagamit 'yan.

**Christian:** Ganun ba? IT graduate ka nga. Kaya lang software developer na naging company driver sa Taiwan. [*Makikita sa kaliwang screen na dina-dowload nito ang TeamViewer*.]

**Patrick:** Eh ikaw pare. English teacher, may Master's, naging…

**Christian:** …factory worker. Ayos lang pare. Kumikita ako ng triple sa sinasahod nung masungit naming principal.

**Patrick:** Matapos mong syotain ang principal mo dati ngayon sasabihin mong masungit.

**Chirstian:** [Tatawa.] Oo nga pala ang ex-principal ko nga pala'y ex-girlfriend ko.

**Patrick:** Nakakadiri ka pare. 50 anyos na matandang dalaga pinatos mo.

**Christian:** May asim pa siya ano. Saka saan ka na, principal mo eh taga-gawa mo ng lesson plan.

**Patrick:** Hayop ka pare. HAYOP…

**Christian:** [Tatawa.] Back to TeamViewer…madali ba itong gamitin?

**Patrick:** Yeah! Nandyan naman ang mga instructions. I-explore mo na lang. Ikaw pa, kayang-kaya mo na 'yan [*Hihigop ng kape*.] Bakit ba kaylangan mo n'yan? Mukhang gusto mong ma-access ang computer na gamit ni mare sa 'pinas ah. May nanliligaw ba pare?

**Christian:** Hindi ah! Aywan ko lang pero may tiwala ako kay misis. Ciento uno porciento na loyal siya sa akin. Ligawan man s'ya ninoman ay wala silang mahihita because her heart and mind belong to me…exclusively! At alam mo naman kung ano ang theme song namin 'di ba… FAITHFULLY. Kanta niya yan para sa akin. Besides, frigid si misis, walang kahilig-hilig sa…alam mo na.

[*Magbubukas ng beer at iinom ng kaunti*.]

**Patrick:** Talaga lang ha!!! Baka naman mahina lang ang stimulus. Hehe!

**Christian:** Ako pa! Kilala mo ako pare.

[*Tatayo si Christian at ipapakita ang muscle sa braso kay Patrick.*]

**Patrick:** Eh 'di wow!!! Sige na nga. Ikaw na ang macho.

[*Patutugtugin ulit ni Christian ang music video ng Faithfully. Sasabayan nila pareho ang kanta na nasa 4th stanza na. Tatayo pa si Christian at gagamitin ang bote ng beer na parang microphone… And being apart…Ain't easy on this love affair…Two strangers learn to fall in love again…I get the joy of rediscovering you…Oh, girl, you stand by me… I'm forever yours…Then ipo-pause uli ni Christian ang music video*.]

**Christian:** [*Babaguhin ang huling salita ng 4th stanza ng kanta*.] UNFAITHFULLY, hehehe Whooa, oh-oh-ooh Whooa, oh-oh-ooh, oh… Whooa, oh-oh-oh, oh-whoooooa-oh…Faithfully…I'm still yours… I'm forever yours…Ever yours…

**Christian at Patrick:** [*Sabay*] UNFAITHFULLY… hehe

**Patrick:** Mukhang malaki tiwala mo kay misis ah pare!

**Christian:** Nasabi mo pa. Anyway ito nga palang TeamViewer ay para sa iyong inaanak sa 'Pinas. Nahihirapan kasi sa ibang mga on-line assignments n'ya. Bakit iyong school na eh pinauso ang on-line assignments. Para daw kasi matuto ang mga bata na gumamit ng computer hindi lang para sa games. [*Susubo ng fried chicken at diretsong nagsalita kahit may laman ang bibig habang si Patrick naman ay humihigop ng kape.*] Kaya ako ang sasagot para sa kanya. Habang nasa discussion room kasi s'ya nung online application na ginagamit ng school nila ay dapat daw n'yang sagutin iyong mga tanong kaya kaylangan ko nito para nakikita ko mismo nang matulungan ko s'yang sumagot. Para hindi na rin mahirapan pa ang kumare mo pagtulong sa kanya.

**Patrick:** Kaya n'ya iyon, English teacher din s'ya dati 'di ba?

**Christian:** Oo nga pero ayaw ko ngang mahirapan pa s'ya.

**Patrick:** WOW! Ikaw na pare. Isa kang huwarang ama. Mabait kang ama… may konsiderasyon pa sa asawa. Bagay na bagay ang pangalan mong Christian sa iyo.

**Christian:** [Tatawa.}Hindi naman pare. Alam mong may mga kapilyuhan din akong ginagawa. Alam mong gustong-gusto ko ng…hitang yummy na crispy pa… hehe [*Kukuhanin ang hita ng fried chicken at ipapakitata kay Patrick pagkatapos ay kakagat nang kaunti.*].

**Patrick:** You mean pare until now? Akala ko ba kamo noon sa akin na mapasok ka lang dito ng trabaho sa Taiwan ay magbabagong-buhay ka na.

**Christian:** I tried pare. Pero hindi ako nakaiwas sa isang ito. Iba s'ya pare, kung si misis frigid heto naman eh super hot. [*Panandaliang katahimikan. Hihigop ng kape si Patrick at iiling-iling*.] Pero gumagawa ako ng paraan para magkahiwalay kami.

**Patrick:** Naks…biglang kambyo ah.

**Christian:** Totoo pare. Lagi ko na ngang iniinis si…si…[*Titigil panandalian*.]

**Patrick:** Uy… ayaw sabihin ang pangalan ah…hehe…kilala ko siguro. May pinatos ka nanaman ba sa mga kaybigan natin?

**Christian:** Hindi ah. Wala pare. Pero seryoso ako, gusto ko nang hiwalayan ang babaeng iyon.

**Patrick:** Owws! Talaga?

**Christian:** Mahal ko ang pamilya ko, hindi ko sila ipagpapalit sa babaeng iyon.

**Patrick:** Weh!!! Hindi nga?

**Christian:** Seryoso pare!

**Patrick:** Sige na nga. Naniniwala na ako. Hindi ko na tatanungin kung sino yan pare, t'yak naman akong hindi ko kilala. Ang mahalaga ay ang realization mo na dapat tigilan mo na 'yan. [*Muling hihigop ng kape*.] Saka pare, alam mo naman iyong kasabihan tungkol sa pambabae… tumira ka na nang tumira sa dalaga, h'wag lang sa may asawa. Delikado. Sabit ka kapag nagkabistuhan.

**Christian:** Yeah, titigilan ko na, gusto ko nang mabuhay ng normal, tahimik, walang itinatagong sikreto na natatakot mabuko anytime.…buti ka pa pare eversince eh good boy ka talaga. Aywan ko lang ha. Pero ganun kita kilala. Matino, hindi babaero.

**Patrick:** Yan ang akala mo!!!

**Christian:** Ha, you mean may chicks ka? You never told me.

**Patrick:** Hehehe, wala pare joke lang. Bading kaya ako, hehe.

**Chistian:** Baka maniwala ako n'yan, hehe.

**Patrick:** Pa-kiss nga.

**Christian:** [*Itataas ang kanang kamay*.] O sige, kiss mo na kili-kili ko.

**Patrick:** Yaiikksss! Hehe! By the way, kaylan ka nga pala magbabakasyon sa 'Pinas?

**Christian:** Baka sa 3rd week ng January. One month pa halos. Marami pa kasing ginagawa sa factory. May ipapadala ka ba ulit sa pamilya mo?

**Patrick:** Oo sana eh. Wala pa kasi akong balak umuwi eh nagpapabili ng tablet si Junior.

**Christian:** Sige, kapag nagawi ka ulit dito sa bahay eh dalhin mo iyong tablet..

**Patrick:** Salamat pare. Ay s'ya ipagpatuloy mo na 'yang food trip mo. Magpapahinga na muna ako. Sige na pare…good night!

**Christian:** Okay! Good night ka din…hehe.

**Patrick:** Goodtime tayo ulit next Friday ha.

**Christian:** Okay! Bye. Muah, muah…tsup…tsup!!!

**Patrick:** Tsup tsupin mo mukha mo…hehe.

**Christian:** Hehe, suplada…sige pare…ikaw na mag-sign out.

[*Pagkasign-out ni Patrick ay ipinagpatuloy ni Christian ang pagkain. Habang kumakain ay pinatugtog n'ya ulit ang music video na Faithfully, makikita ulit ito sa kanang screen. Pagkatapos ay naglog-out s'ya sa kanyang Facebeook at nagbukas ng isang account na hindi sa kanya. Makikitang ita-type nito ang pangalang Clarissa Alcanses. Bumungad kay Christian ang mga pictures ni Clarissa at ng mga kaybigan nito. Iki-click ni Christian ang isang picture na kung saan ay makikitang may*

*nakaakbay na lalaki kay Clarissa. Maya-maya ay ide-delete nito ang nasabing larawan. Ipinagpatuloy nito ang pagtingin sa mga pictures ni Clarissa. Biglang may tumawag sa Skype at makikita sa screen sa bandang kanan n'ya ang picture ng tumatawag, si Clarissa. Agad sinagot ni Christian ang tawag.*]

**Clarissa:** Hello daddy! Hmmuuaahhhh! Kumusta naman ang mahal ko?[*Hindi kumikibo si Christian*.] Hoy, kumusta kako ang mahal ko. [*Deadma pa rin si Christian*]. Ano ba daddy, nakakainis ka na, nag-effort pa naman akong tumawag sa iyo tapos ganyan ka. Ano ba problema?

**Christian:** Sino iyong lalaking nakaakbay sa iyo sa picture mo sa FB?

**Clarissa:** Ha! Nakita mo na ba mga pictures ko sa FB? Ah teka, hindi ko matandaan eh. Sandali ah buksan ko lang FB ko.

**Christian:** Hindi mo na makikita. Binura ko na.

**Clarissa:** Ganun! Pinakialaman mo na naman ang FB ko! [*Medyo lumakas ang boses*.] Grabe ah! Sana pala hindi ko na lang ibinigay sa iyo password ng FB ko.

**Christian:** Sino kako iyon!

**Clarissa:** Officemate ko iyon. Hay naku daddy, wala lang iyon okay.

**Christian:** Anong wala? Naka-akbay s'ya sa 'yo at nakahawak ka naman sa baywang n'ya. Mgkadikit pa ang mukha ninyo.

**Clarissa:** Hhhmmm! Selos ka ano? Hehe…

**Christian:** It's not funny!!! [*Magdadabog*.]Not funny!

**Clarissa:** Ano ba daddy! Si Jay iyon! Bading!!! [*Pasigaw*] Baddinggg! Nagseselos ka sa bading. Kung iyong ano ko nga hindi nagseselos eh ikaw pa.

**Christian:** Ibahin mo ako sa kanya…

**Clarissa:** Ang gara mo, pati bading pinagseselosan.

**Christian:** Bading pala ha! S'yempre ganyan ang sasabihin mo dahil alam mong galit na ako.

**Clarissa:** Dad!  Bading nga si Jay. Ano ba!!! Wala lang iyon. Sige buksan mo FB account n'ya, Jay Samonte ang pangalan n'ya. Sige buksan mo… makikita mo ang napakaraming pictures na magpapatunay na bading s'ya.

**Christian:** I don't need to do that. Bakit? Lalaki pa rin iyon ah.

**Clarissa:** Daddy please! Be reasonable. I have not done anything wrong. Si ano nga hindi naman nagre-react ng ganyan, ikaw naman itong…ahh exag ka.

**Christian:** Ibahin mo nga ako sa kanya.

**Clarissa:** As I said I did nothing wrong. Tamang duda ka na lang palagi

**Christian:** Tamang duda na kung tamang duda. Pangatlong beses na ito. [*Imumustra sa daliri ang tatlo*.] Twice na tayong nag-away dahil lang sa ganito. You never learn. Sinasadya mo ba ito ha? Pinagtitripan mo ba ako.

**Clarissa:** No dad! Bakit ko naman gagawin iyon. Ano ba, don't make a big deal out of this. Bakit sobrang nagseselos ka. Kahit kaylan hindi nagselos ng ganyan si…

[*Puputulin ni Christian ang Skype call. Mag-aattempt na tumawag ulit is Clarissa ngunit iri-reject ito ni Christian. Makikita sa kaliwang screen na bubuksan ni Christian ang FB account ni Jay Samonte. Habang inuusisa ni Christian ang Facebook ni Jay ay makikita sa kanang screen na tumatawag si Misette. Ia-accept ni Christian ang tawag*.]

**Christian:** [*Walang makikitang tao sa screen.*] Missette? Matthew? Aha tinawagan ako ng multo…Hello! Anybody home!!!

**Matthew:** There's nobody here![*Boses na matinis*.]

**Christian:** And who are you?

**Matthew:** I'm your worst nightmare. [*Matinis ulit ang boses. Panandaliang katamhimikan… pagkatapos ay magapapakita na sa ama si Matthew]* Hello papa!

**Christian:** Ka-pogi naman ni Freddy Krueger? [*Susubo ng pizza*.]

**Matthew:** Hehe! Sarap naman ng kinakain mo papa…pizza…pahingi naman.[*Ipapakita pa ni Christian ang chicken*.] Katakaw ni papa…aha may beer pa ha. Isusumbong kita kay mama, naglalasing ka nanaman.

**Christian:** Hindi ako nag-lunch kanina kaya todo kain ko ngayon. Heto naman, anak, hindi ako malalasing sa ilang boteng beer na ito..

**Matthew:** Kumusta ka na papa?

**Christian:** I'm okay hijo! Si mama mo nasaan?

**Matthew:** Nasa baba po. Sunod na lang daw s'ya sa akin dito sa taas maya-maya. May ka-chat lang daw siya

**Christian:** Ah ganun ba! Matthew, madalas bang may ka-chat ang mama mo?

**Matthew:** Ano eh…ah…pa h'wag n'yo pong sabihing sinabi ko ha.

**Christian:** Okay, promise hijo!

**Matthew:** Opo pa. (*Tatahimik sandali at lilingon na parang sinisiguradong walang nakarinig sa kanya*.) Madalas may ka-chat si mama. Minsan video calls. Sabi po niya sa akin eh kaybigan daw n'ya, nangungumusta lang.

**Christian:** Ganun ba! Kaybigan pala eh, hayaan mo na. Uso talaga ang chatting among friends sa mga social media. Oh ‘di ba kahit ikaw dami mong friends sa Facebook. Baka naiinip ang mama mo kaya nakikipag-chat para malibang.

[*Makikitang tatabi si Missette kay Matthew*.]

**Missette:** Oh ano naman pinaguusapan n’yong mag-ama. Hello ‘tay kumusta?

**Matthew:** Oh papa heto na pala si mama. Bababa lang ako sandali magtitimpla ako milo.[*Iiwanan ni Matthew ang kanyang mga magulang*.]

**Christian:** Okay lang ako ‘nay.

**Missette:** O sweldo n’yo na bukas. Medyo lakihan mo padala at magbabayad pa ako ng tuition ni Matthew [*Matamlay si Missette*.]

**Christian:** Okay, loud and clear, Kumusta ka naman ‘nay? Okay ka lang ba?

**Missette:** Hindi ko alam. Sobra akong nababagot ngayon. Nakakainip, lagi na lang dito ako sa bahay.

**Christian:** O ‘di ba pwede naman kasi kayong pumunta dito eh ikaw itong ayaw.

**Missette:** Pupunta ako dyan para ano, para din lang magkulong sa bahay, ‘di pinatay mo ako lalo sa inip. At papaano pag-aaral ni Matthew?

**Christian:** Eh anong gusto mong gawin ko?

**Missette:** Wala, wala. Don’t mind me!

**Christian:** Gusto mo na ba ulit magturo ng English on-line?

**Missette:** Ayaw ko na!

**Christian:** So, what do you want?

[*Biglang tutunog ang Skype, tumatawag si Clarissa*.]

**Missette:** Anong tunog iyon? Skype ba 'yun. May iba bang tumatawag sa skype mo?

**Christian:** Ah…eh…wala ito… supervisor kong Taiwanese. [*Ire-reject ni Christian ang tawag ni Clarissa*.]

**Missette:** Ha! Supervisor n'yo eh ni-reject mo tawag. Baka masisante ka n'yan. Tawagan mo, tawag ka na lang mamaya sa amin pagkatapos.

**Christian:** Hindi na 'nay, mamaya ko na lang tatawagan.

**Missette:** Bahala ka!!! Hay naku nakakainip talaga.

**Christian:** Mamasyal ka kasi once in a while para di ka naiinip d'yan.

**Missette:** Napasylan ko na lahat ng gusto kong pasyalan…Boracay, El Nido…ilang beses na din akong nakapunta ng Baguio, Tagaytay, Pagudpod. Aywan ko ba!

**Christian:** Nami-miss mo lang ako, nami-miss mo iyong gumi-gimmick tayo nina Matthew kaya ka ganyan.

**Missette:** Is that it? [*Sandaling katahimikan*.] Hindi ko alam. Basta meron akong hinahanap na hindi ko naman alam kung ano.

[*Biglang may tutunog ulit, si Clarissa tumatawag gamit naman ang Messenger ng Facebook. Iri-reject ulit ni Christian at pasimpleng nag-message kay Clarissa. Habang kausap ni Christian si Missette ay ka-chat naman nito si Clarissa sa Messenger. Makikita sa screen ang palitan nila ng messages*.]

*…Christian to Clarissa: Not safe! Don't call.*

**Missette:** Ano ba 'tay? Dami mong callers ah, eh sino naman 'yan ngayon?

*…Clarissa to Cristian: Ganun… not safe, kapag pamilya mo eh kausap mo etsa pwera na ako. At kahit may problema tayo ay hindi natin pwedeng ayusin dahil sa kanila.)*

[*Balisa si Christian.*]

**Missette:** 'Tttayy! Sino naman kako 'yan.

**Christian:** Ah…sorry…si pareng Patrick, mag-return call na lang ako mamaya sa kanya.

**Missette:** Ah ganun! Si Patrick ba talaga?

**Christian:** Oo nga, si Patrick nga.

**Missette:** Style mo bulok. Lokohin mo lelang mong panot. Kilala kita, kilalang-kilala. Babae mo ba 'yang tumatawag. [*Pasigaw*] H'wag mong sabihin pati dyan sa Taiwan ay naghahasik

ka na rin ng lagim.

**Christian:** 'Nay, please don't start. [*Medyo gigil*. *Tatayo at nakadukwang sa computer na makikipagusap kay Missete*.] I may have had some indiscretions in the past pero tapos na iyon. Believe me! Mahal kita, mahal ko kayo ni Matthew, I wouldn't do anything na makakasira sa ating pamilya. I came here to work and that's all that I am doing here.

[*Katahimikan. Muling uupo si Christian. Makikipag-chat kay Clarissa*.]

*…Chrisitan to Clarissa: Mamaya na lang tayo mag-chat, at medyo mnakakahalata yata si Missette.*

**Missette:** Oh, iyong mga online assignments ni Matthew. Tulungan mo s'ya. [*Wala kay Missette ang atensyon ni Christian*.]

*…Clarissa to Christian: Dad, please lang h'wag ka nang magalit sa akin oh. I'll be careful next time.*

**Missette:** Tay…TTAAYYYY…

**Christian:** Ha! Ah…Sorry 'nay. May binabasa kasi akong e-mail.

*…Christian to Clarissa: Ano ba ang kulit mo ah, sabing mamaya na dahil hindi safe. Sobrang stressed na ako!!!*

[*Nagpost si Clarissa ng sad emoticon bilang sagot.*].

**Missette:** Ahhh…e-mail naman ngayon…daming palusot…e-mail ba yan o ka-chat mo iyong tumatawag sa iyo at sinasabi mong mamaya na lang kayo mag-usap dahil kausap mo kamo asawa mo? I wasn't born yesterday…style mo!!!

**Christian:** [*Magtataas ng boses*.] Ano ba 'nay, tamang duda ba!!!

**Missette:** Iyan kasi hirap sa iyo eh, sandali na nga lang tayo magkausap sa Skype eh hindi mo pa ako mapaglaaanan ng atensyon mo. O sige aalis na ako para hindi ko maabala pakikipagchat mo d'yan sa babae mo. [*Lumayo sa kanyang laptop si Missette pero tanaw pa rin sya ni Christian at ng audience mula sa screen).*]

**Chirstian:** 'Nay, ano ba wala ako sabing ka-chat eh. E-mail itong ginagawa ko. O ito… tinigilan ko na, sorry na, lapit ka na ulit sa laptop mo oh.

[*Bumalik na si Matthew May bitbit na baso*.]

**Matthew:** Uyy, may LQ nanaman ang mama at papa. May kasalanan ang papa kaya galit si mama. Umiyak ang mama ko. Pero mamaya lang ay bati na ulit sila, lalambingin lang ni papa si mama eh magiging okay na sila. Yehey.

**Missette**: Stop that Matthew!

**Christian:** Sorry son, just a little misunderstanding.

[*Habang nag-uusap sina Chirstian at Matthew ay makikita si Missette sa screen sa likuran ni Matthew na ginagamit ang kanyang smartphone.*]

**Mathhew:** No worries pa. I'm used to it. Oh pa, paano nga pala iyong online assignments ko. Ngayong gabi daw ay magbi-virtual classroom ulit kami at may mga questions kaming sasagutin on the spot.

**Christian:** Sige i-minimize mo muna 'yang Skype mo d'yan para makapunta ka sa desktop mo at makapagsearch ka sa Google.

**Matthew:** Okay po pa… Ginagawa ko na po…hayan…finished.

**Christian:** Okay, i-type mo sa browser mo ito… TEAMVIEWER. Then i-down load mo.

**Matthew:** Team…as in basketball team…at view na dadagdagan ng *e* at *r*.

**Christian:** That's correct.

**Matthew:** Sige po,.. heto na downloading…So pa what would this application do?

**Christian:** Mamaya you can see, h'wag masyadong excited okay.

**Matthew:** Yesss! Milagro! Mabilis yata ngayon! Finished download! Install ko na po pa ha.

**Christian:** Cool! Sige install mo na.

[*Muling magmemesssage si Clarissa sa messenger*]

*…Clarrissa to Christian: Dad pwede na ba tayong magusap. Hindi kasi ako mapakali kapag ganyang galit ka sa akin.*

*…Christian to Clarissa: Not yet, may ginawaga kami ng anak ko.*

*…Clarissa to Christian: I see, kanina asawa, ngayon naman eh anak…s'ympre priority eh pamilya, eh ano lang ba kasi ako…KKAABBITTT.*

*…Christian to Clarissa: Ayaw mo talagang manahimik, you're pushing me to the edge. Ang kulit mo.*

*….Clarissa to Christian: Me, you just didn't push me to the brink. You made me jump. Nalaglag*

*na ako sa bangin daddy, can't you see. Durog-durog na ako. Luray-luray na. Kanina nakakita ka lang ng picuture na may nakaakbay lang sa akin na lalaki, bakla pa eh selos na selos ka. Ikaw kausap mo ngayon mismo asawa mo, anak mo…anong gusto mo gumulong ako sa tuwa ha.*

**Matthew:** Yes pa ang galing ko, naka-install na ang TeamViewer.

*…Christian to Clarissa: Masyado kang madrama. Mamaya mag-usap tayo.*

[*Nag-logout sa Facebook si Matthew sa desktop.*]

**Matthew:** O pa, anything wrong. Malungkot si mama, malungkot ka rin. What's happening?

**Christian:** Wala anak, napagod lang ako sa trabaho.

**Matthew:** O heto pa, humihingi ang system ng access code at password. Access code….at least 4 letters and a special character…hmmm C-L-M-M-#.

**Christian:** Ano naman ibig sabihin ng CLMM?

**Matthew:** Christian Loves Missette and Matthew…o 'di ba papa.

[*Sasabat si Missette*.]

**Missette:** Hindi tayo mahal ng papa mo Matthew…nambabae ang papa mo.

**Christian:** Ano ba Missette!!!

**Missette**: O bakit totoo naman ah… Sino na nga kamo tumawag sa iyo sa Messenger kanina?

**Christian:** Si pareng Patrick nga.

**Missette:** Sinungaling…!

**Matthew:** Papa…mama… tama na muna yan ha…please. May ginagawa pa akong assignment. I need to focus, PPLLEEASSEE! I need the help of both of you.

[*Sandaling katahimikan*.]

**Missette:** Sorry anak. Sige sunod ka na lang sa akin sa baba mamaya pagkatapos mo d'yan

[*Umalis si Missette nang hindi nagpapaalam kay Christian*.]

**Christian:** Tignan mo ito, Missette…hoy… bahala ka nga. Matthew sorry ha…Kaunting tampuhan lang namin ito ni mama mo. [*Hindi kumikibo si Matthew, patuloy lang s'ya sa ginagawa*.] Ahhh… Birthdays na lang nating 3 ng mama mo ang ilagay mong password – 13, 18, at 5.

**Matthew:** Okay po pa. [*Medyo matamlay*] How will this work? Baka mahalata na hindi ako ang sumasagot sa mga questions eh lagot ako. Iyon lang namang mga hindi ko kaya ang papasagutan ko sa iyo eh.

**Christian:** Hindi hijo, safe ito. Lalabas na ikaw ang gumagawa although ako ang sumasagot mula dito sa Taiwan. May remote access ako sa computer mo. O sandali testingin natin. [*Susubukang i-access ni Christian ang computer ni Matthew.]* O hayan anak na-aaccess ko na ang laptop mo. Sige heto subukan na natin. Ilagay ko na password mo, ano nga ulit iyon…ahh…CLMM#. Then password is…131805. Enter ko na. Buksan mo nga Facebook mo Mattthew. Tignan ko kung ma-access ko.

**Matthew:** Okay papa, opening now….there… it's open now!

**Christian:** Hahaha. I can see it from my own desktop. [*Makikita sa kaliwa't kanang screen ang Facebook account ni Matthew*.] Yes, success. Sandali hijo, don't touch anything. Magtatype ako ng message sa Messenger mo ha, kunwari ikaw ang nagmemessage sa akin.

[*Sinimulan ni Christian at pag-type ng message. Makikita na may access nga s'ya sa desktop ni Matthew na nakikita mula sa screen na nasa kanan.*]

**Matthew:** Wow! That's cool! Salamat papa, mag-aabang ako ng assignments, baka maya-maya lang eh may lumabas na.

**Christian:** I'll take care of that Matthew. Ako magbabantay, magmemesage na lang ako sa smartphone mo kung meron na. Just keep your laptop open and don't logout from TeamViewer okay.

**Matthew:** Okay papa. Ahh papa…eh pwedeng magtanong?

**Christian:** Ano iyon anak, do you need anything?

**Matthew:** Hindi papa. Gusto ko lang itanong kung totoo bang meron kang iba bukod kay mama.

**Christain:** Son, please believe me. I love you and your mom so much. I will never do that.

[*Tumatawag ulit si Clarissa, sa Viber naman. Maririnig ni Matthew*.]

**Matthew:** Papa may tawag ka, dinig ko iyon, mukhang sa viber.

[*Ire-reject ni Christian ang tawag*.]

**Christian:** Wala iyon anak, kasamahan ko lang sa trabaho.

**Matthew:** Girl?

**Christian:** No son, it's a he.

**Matthew:** Papa, h'wag mong sasaktan si mama ha, mahal na mahal ka n'ya.

**Christian:** Promise anak! Ipagpapalit ko ba naman kayo ng mama mo sa kung sino-sino lang. I love both of you son.

**Matthew:** Thank you papa. Binuksan ko na iyong website ng school for our on-line learning. Heto o. [*Imu-move ni Matthew ang cursor sa isang box. Makikita din sa kabilang screen ang mga ginagawa ni Matthew*.]

**Christian:** Okay son, gets ko na. I can take care of this.

**Matthew:** Sige off ko na po muna itong Skype. Gagawa pa ako ng ibang homework. Kapag wala ng tampo si mama mamaya eh tatawag iyon sa iyo. I'm signing out now papa.

**Christian:** I love you son. Bye.

[*Pinatay ni Christian ang Skype sa kaliwang screen. Pagkatapos ay inexplore n'ya through remote access ang laptop na gamit ng misis n'ya at anak sa Pilipinas. Tinignan n'ya ang mga browser at mga naka-install na apps. Sa pagkakataong iyon ay nakabukas pala ang Facebook account ni Missette.. Bubuksan na sana ni Christian ang mga messages sa Facebook ni Missette nang biglang tumunog ang viber*.]

**Christian:** Si Clarissa nanaman. Napakakulit!!!

[*Magsa-sign in sa Skype si Christian at tatatawagan si Clarissa*. *Kaagad itong nag-respond.*]

**Clarissa:** Thank you daddy for calling. Alam ko naman na 'di mo ako kayang tiisin.

**Christian:** 'di ba binilinan na kita na kapag tumawag ka at ni-reject ko ang ibig sabihin eh kausap ko pamilya ko. Mahirap bang intindihin iyon? Ha? Kaya hayun, tamang duda nanaman si Missette. Sabi ko naman sa iyo na we have to be careful.

**Clarissa:** I'm so sorry for that daddy. Promise hindi na mauulit.

**Christian:** Promise…promise…puro ka promise.

**Clarissa:** Dad, may itatanong sana ako.

**Christian:** O, ano iyon.

**Clarissa:** Bakit the past few days ay lagi kang galit na galit sa akin. Kaunting pagkakamali ko eh hindi mo mapalampas. Kahit nga hindi kita inaano eh bigla ka na lang nagagalit sa akin. What's happening dad? You used to be very sweet to me.

**Christian:** Para sa akin hindi maliit na pagkakamali iyong magpa-picture ka ng ganun kasama ang bading na kung bading na taong iyo. For me it's a big deal.

**Clarissa:** I see. Okay that's a big deal for you. Ako ba nagrereklamo kapag nagpo-post ka ng picture ninyong mag-asawa at mag-anak n'yo sa wall mo. Sa mga pictures n'yo magkaholding hands kayo, inaakbayan mo pa s'ya doon sa iba, minsan naghahalikan pa kayo. Tapos ngayong inakbabyan lang ako ng office mate ko sa picture eh halos malagot na ang lahat ng ugat mo sa leeg sa panggagalaiti.

**Christian:** Pamilya ko yon, there's nothing wrong kung makita sa Facebook ang ganung mga pictures namin.

**Clarissa:** O sige para hindi ibang lalaki ang makita na umaakbay sa akin, ipo-post ko sa wall ko iyong mga pictures na inaakbayan mo ako at hinahalikan.

**Christian:** Nasisiraan ka na nga ng bait. You're making it difficult for me. You're making it so complicated.

**Clarissa:** Last week naman hindi ko lang nasagot ang tawag mo sa messenger dahil naka-silent mode ang phone ko dahil nasa meeting ako eh 2 araw mo akong hindi kinausap. Kung hindi pa ako nagmakaawa eh hindi mo na siguro ako kakausapin. At akala mo bang na hindi ko napapasin na napakadalang mo na akong i-chat. Lagi kang gumagawa ng dahilan para maka-iwas kang makipag-chat sa akin. Bakit ba daddy? May no. 3 ka na ba? Nakabingwit ka na ba ng Taiwanese diyan.

**Christian:** Ikaw naman ang tamang duda ngayon.

**Clarissa:** Daddy, alam kong kabit mo lang ako but please treat me properly, both as a lady and as a human being. Hindi ako bato dad. Nakakaramdam ako. Nasasaktan ako.

**Christian**: Stop it Clarissa…STTOOPPP!

**Clarissa:** I deserve to be loved and cared for, I crave for your attention. Kahit kabit mo lang ako.

**Christian:** I said stop. I can't do this anymore Clarissa!!! [*Pasigaw*.] Kabit mo din naman ako ah. May asawa ka din, kaybigan ko pa, kumpare ko pa. May anak din kayo. Sobrang bigat na sa konsensya Clarissa.

**Clarissa:** Stop it dad. Tama na. Sige na. Sorry na. H'wag na tayo mag-away.

**Christian:** No Clarissa! You listen to me. Sinasdya kong awayin ka at ini-ignore the past days. I want you to feel angry with me,  the way you are feeling now. Para…para…

**Clarissa:** Para ano? PARA ANOOO?

**Christian:** Para kumalas ka na. Para maghiwalay na tayo.

**Clarissa:** No daddy, please. I can't do it. I don't want to lose you.

**Christian:** I'm sorry. But we need to stop this bago pa mahuli ang lahat. Tigilan na natin ito, alang-alang sa mga pamilya natin. Nahihiya na ako kay pareng Patrick. Tuwing uuwi na lang ako dyan sa 'pinas ay tiwalang-tiwala iyong tao na nagpapadala sa akin ng pera't pasalubong para sa inyo tapos ganun ang ginagawa natin.

**Clarissa:** Daddy, kung mahal mo talaga ako at handa mong iwanan ang asawa mo eh handa akong sumama sa iyo. Para sa iyo Christian eh iiwanan ko si Patrick at ang anak namin. Sa mga maikling panahon na nagkasama tayo tuwing umuwi ka dito sa 'Pinas siguro naman eh naramdaman mo kung gaano kita kamahal. At sa iyo na rin nanggaling na mas magaling ako sa kama kumpara sa asawa mo.

**Christian:** I'm so sorry Clarissa. Gusto kita pero hindi kita mahal. Si Missette ang mahal ko. Ang

namagitan sa ating dalawa ay resulta lang ng init ng katawan. Hindi ko pwedeng iwanan ang asawa't anak ko nang dahil sa iyo.

**Clarissa:** No, hindi totoo yan. Galit ka lang sa akin dahil nagselos ka at dahil nakulitan ka sa akin kanina kaya mo nasabi yan. Dad, I beg you, don't do this to me. I don't love Patrick, I never loved him. Sa iyo lang ako nain-love ng ganito.

**Christian:** Sorry Clarissa, I'm really sorry. I love Missette, I love my son. Missette loves me.

**Clarissa:** Daddy please. I will not demand that you leave them and be with me. Basta 'hwag mo ang akong iwan. Don't dump me please. Hindi na kita kukulitin kahit Kaylan. Please dad.

**Christian:** [*Magtataas ng boses*.] What about Patrick? What about your son? Hindi pa ba malinaw ha Clarissa! Ayaw ko na, ayaw ko na sa iyo. Tigilan mo na ako. Hayaan mo na ako sa pamilya ko.

**Clarissa:** Ganun? Ganun lang ba kadaling gawin ang gusto mong mangyari. After all that I did for you.

**Christian:** I'm so sorry Clarissa. [*Hahagulgol ng iyak si Clarissa*.] Clarissa. Baby!

**Clarissa:** Don't call me baby.

**Christian:** I'm sorry!

**Clarissa***:* [*Magtataas ng ang boses*.] Sorry? You're not sorry! You're happy hurting me, you sadist son of a bitch!

**Christian:** Clarissa…please!

**Clarissa:** Hayop ka Christian. Hayop ka! Hindi dapat Christian ang pangalan mo demonyo ka. Dapat Satanas ang ipinangalan sa iyo. Hayop ka! H'wag ka nang magpapakita sa akin

kahit kaylan. Makarma ka sana! Makarma ka sana! Tandaan mo ‘yan makakarma ka rin!

[*Tinapos ni Clarissa ang Skype call. Hindi nakakibo kaagad si Christian. Napayuko na lamang ito pagkatapos ay tumingala at parang umusal ng panalangin. Sinubukang buksan muli ni Christian ang Facebook acoount ni Clarissa, hindi na n'ya na-access, pinalitan na ni Clarissa ang password. Ang sariling Facebook account naman niya ang kanyang binuksan. Sinusubukang tignan ang Facebook ni Clarissa hindin na rin n'ya maaccess, na-block na kaagad si Christian. Ang ginawa naman ni Christian ay binura lahat ng mga pictures ni Clarissa na naka upload sa kanyang Facebook.. Matapos ayusin ni Christian kanyang mga files ay pinatugtog uli n'ya ang kantang "Faithfully," instrumental version naman. Pagkatapos n'yon ay inacces nanaman nito ang laptop na ginagamit ni Missette at ng kanyang anak. Napansin n'yang ginagamit ni Missette ang laptop at binuksan ang kanyang Facebook at doon nya nakita ang kasalukuyang palitan ng messages nila Missette at Patrick.*]

*…Missette to Patrick: Still awake?*

*…Patrick to Missette: Yup? Why?*

[*Patuloy na binantayan ni Christian ang mga susunod na palitan ng messages ng dalawa. Patuloy pa ring tumutugtog ang Faithfully*.]

*…Missette to Patrick: Miss na miss na kita, pag uwi mo dito sa ‘pinas next week eh magkita tayo ha.*

[*Napatayo si Christian. Takang-taka sa nangyayari.*]

**Christian:** Anak ng…this can't be!!!

*…Partick to Missette: Oo naman 2 weeks ako d'yan, hindi alam ni Clarissa na uuwi ako, doon*

*ako maglalagi sa inuupahan nating apartment. Gusto ko araw-araw tayong magkikita ha.*

*…Missete to Patrick: Wow gusto ko 'yan. Alam ba ni Christian na magbabaksayon ka?*

*…Patrick to Missette: Sinabi kong hindi.*

*…Missette to Patrick: I love you honey!*

[*Umupong muli si Christian. Iiling-iling.*]

**Christian:** This is not true! No! No!!!

[*Iiling-iling si Christian habang sinusubaybayan ang palitan ng messages nina Patrick at Missette. Tinakpan ng kaliwang kamay ang kanyang bibig at ilong*.]

*…Patrick to Missete: I love you too! Teka nga pala, hindi safe na mag-communicate tayo gamit ang laptop n'yo dyan. May ipina-upload na app kay Matthew si Christian d'yan na maaring makita n'ya ang ginagawa ng user ng laptop. Sa WeChat na lang para safe.*

*…Missette to Patrick: Ganun ba, hayaan mo s'ya. Okay lang na malaman n'ya. I don't care. I am not afraid anymore. Letse s'ya.*

*…Patrick to Missette: No honey. We have to be discrete. I don't want to lose you.*

*…Missette to Patrick: How sweet naman! Hhmmuaahhhh! Okay, I will listen to you. Teka buburahin ko muna mga conversations natin at baka nga mabasa pa ng lintek na iyon. Baka malaman niya mga plano natin. Tawagan na lang kita maya-maya sa WeChat.*

*…Patrick to Missette: Hey honey, doon na lang tayo sa secret accounts natin sa Skype. I want to see you alive, kicking and moving. I miss you so much.*

*…Missette to Patrick: Talaga lang ha. Bolero! H'wag mo na akong bolahin. Nakuha mo na ako… buong-buong…heart, body and soul. But… do you really prefer a video call?*

*…Patrick to Missette: Yup…I want to see you so badly.*

*… Missette to Patrick: Why?*

*… Patrick to Missette: 'coz you're pretty and so hot. I love and adore you so much.*

*… Missette to Patrick: I love you too honey.*

*…Patrick to Missette: Pwedeng mag-request?*

*…Missette to Patrick: Sure? I'll do anything for you! What is it?*

*…Patrick to Missette: Mamaya ha, gusto ko sayawin mo uli sa akin iyon naughty dance mo!*

*…Missette to Patrick: Haha…Iyon lang pala. Sureness!!! Naku siguradong madadagdagan nananaman ang mga tyanak na babangon sa sahig mo d'yan.*

[*Nagbukas ng ang isang bote ng beer. Inubos ang laman at pagkatapos ay ibabato sa sahig ang bote.*

*Tinabig din n'ya ang lahat ng nasa ibabaw ng mesa. Madidinig ang huling bahagi ng kantang Faithfully*.]

**Christian:** Shhhiiittttttttttttttttt! Mga walang-hiya kayo! Traydor ka Patrick, traydor kaaaa.

[*Mamatay ang ilaw sa stage. Muling maririnig ang ilang bahagi ng kantang Faithfully. Papahina. "Whooa, oh-oh-ooh Whooa, oh-oh-ooh, oh… Whooa, oh-oh-oh, oh-whoooooa-oh…Faithfully…I'm still yours… I'm forever yours…Ever yours…" "I'm forver yours….Faithfullly."]*

**- W A K A S -**